

TALAHULUGAN PARA SA MULING PAGDIDISTRITO (REDISTRICTING): MGA PANGUNAHING TERMINO

Senso (Census) – Ang pabiling at pagsarbey sa bawat tao sa isang populasyon. Sa U.S., ang senso ay kinukuha sa bawat sampung taon. Ang senso ay itinakda ng Konstitusyon na kinakailangang gawin para sa muling pagbabahagi o pagbabahagi at ginagamit sa proseso ng muling pagdidistrito.

Census Bureau (Kawanihan ng Senso) – Ang ahensya ng pamahalaang pederal na nangangasiwa ng senso.

Citizen Voting Age Population (CVAP) – Ang Citizen Voting Age Population (CVAP) ay ang kabuuang populasyon ng may eded 18 pataas at isang mamamayan.

Distrito ng Koalisyon (Coalition District) – Isang distrito kung saan ang magkakahalang mga minorya ng lahi ang nagbubuo halos sa populasyon at kung saan ang mga botante ito mula sa iba't-ibang grupo ng lahi ay bumoboto ng magkasama upang i-halal ang kandidatong ginusto ng minorya. (Tinatawag din bilang Minority Coalition District)

Distrito ng Koalisyon (Coalition District) – Isang distrito kung saan ang magkakahalang mga minorya ng lahi ang nagbubuo halos sa populasyon at kung saan ang mga botante ito mula sa iba't-ibang grupo ng lahi ay bumoboto ng magkasama upang i-halal ang kandidatong ginusto ng minorya. (Tinatawag din bilang Minority Coalition District)

Community of Interest – Isang kapitbahayan, komunidad o grupo ng mga tao na mayroong pangkaraniwang iniisip sa polisiya at kung saan magbebenepisyo mula sa pagpapanatili sa kanila isang distrito lamang.

Compactness – Ang compactness ay tumutukoy sa hugis ng distrito. Inilalarawan nito ang mga hangganan na iginuhit ng magkakalapit at maayos na pinagsama-sama maliban na lang kung mayroon magagandang dahilan tulad ng pagsunod sa VRA, pagpreserba sa mga communities of interest, o pagsunod sa hangganan na mayroong kakaibang hugis, halimbawa ay ang hangganan ng lungsod o ilog.

Contiguity – Isang katangian sa paglalarawan ng nag-iisa at tuluy-tuloy na hugis ng isang hangganan (hal. lahat ng lugar sa distrito na pisikal na nakakonekta sa isa't-isa).

Pagbibiyak (Cracking) – Ang paghihiwalay ng isang komunidad ng minorya ng lahi sa dalawa o higit pang mga distrito upang ang komunidad ng minorya ay hindi magiging mahalagang parte ng alinmang distrito. Halimbawa, ang pagbibiyak ay nagaganap sa tuwing ang populasyon ng minorya ay malaki na upang makabuo ng hanggang 50% ng isang distrito ngunit sa halip, ito'y hinahati sa dalawa o mas madami pang mga distrito upang ang komunidad ng minorya ay makakabuo ng maliit na porsyento sa bawat distrito.

Distrito ng Crossover o Oportunidad (Crossover or Opportunity District) – Isang distrito kung saan ang karamihan ng mga botante ay nagko-“cross over” upang bumoto kasama ang mga minorya ng lahi upang i-halal ang kandidato na ginusto ng minorya. Ang mga distrito ng crossover o oportunidad ay hindi ligal na kinakailangan ng Voting Rights Act.

Paglilihis at Saklaw ng Paglilihis (Deviation at Deviation Range) – Ang Paglilihis ng isang distrito ay ang diperensya ng populasyon ng distrito mula sa Ideyal na Populasyon. Ang Saklaw ng Paglilihis ng plano ng muling pagdidistrito ay ang pinakamalaking paglilihis ng plano mula sa pinakamaliit na paglilihis ng plano.

Ideyal na Populasyon (Ideal Population) – Ang hinahangad na kabuuang populasyon para sa mga distrito sa plano ng muling pagdidistrito. Ito ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagtanggap ng kabuuang populasyon mula sa hurisdiksyon at paghahati nito gamit ang kabuuang bilang ng mga distrito na nasa plano ng muling pagdidistrito.

Panunungkulan o Incumbency (pamantayan) – Pagsisiguro na ang kasalukuyang nahalal na opisyal na kapulungan ay mananatili sa isang distrito.

Distrito ng Impluwensya (Influence District) – Isang distrito kung saan hindi binubuo ng karamihan ng mga botante ang grupo ng minorya ng lahi o etnisidad ngunit mayroong sapat na bilang mga miyembro ng grupo ng minorya upang higit na makaimpluwensya sa isang halalan o ng mga desisyon ng isang kinatawan na nahalal.

Gerrymandering – Ang pagguhit ng mga linya ng distrito upang mabigayan ang isang grupo ng hindi patas na kalamangan mula sa isa pang grupo. Ang Gerrymandering any hindi katulad ng muling pagdidistrito, subalit ang gerrymandering ay maaaring mangyari sa panahon ng muling pagdidistrito. Ang pagguhit ng mga distritong minorya-mayorya upang sumunod sa Voting Rights Act at hindi gerrymandering.

GIS (Geographic Information System) – Isang software sa kompyuter na ginagamit sa paggawa ng mga mapa ng muling pagdidistrito.

Distrito ng Mayorya-Minorya (Majority-Minority District) – Isang distrito kung saan ang isang minorya ng lahi ay katumbas ng 50% o higit pa ng populasyon ng mga mamamayan na nasa edad ng pagiging botante. Kasama ang iba pang mga kadahilanan, ang distrito ng mayorya-minorya ay maaaring itakda ng VRA bilang kinakailangan.

Pag-dilute ng boto ng minorya (Minority vote dilution) – Ang mga iginuguhit na distrito na maaaring magresulta sa mga botante ng minorya na magkaroon ng mas maliit na tsansa sa paghalal ng kanilang nais na (mga) kandidato. Ito ay karaniwang ginagawa sa pamamagitan ng “packing” o “pagbibiyak o cracking.”

Nesting – Isang panuntunan ng muling pagdidistrito kung saan ang distrito ng mataas na kapulungan (katulad ng senado ng estado) ay binubuo ng dalawang mga distrito ng mababang kapulungan (katulad ng asemblea ng senado).

Isang Tao, Isang Boto (One Person, One Vote) – Ang Panuntunan ng Pantay na Populasyon. Isang pararila na naglalarawan sa pangangailangang konstitusyonal kung saan ang bawat distrito ay magkaroon ng pantay-pantay na populasyon. Karaniwan, ang ibig sabihin nito ay ang bawat distrito na nasa plano ng muling pagdidistrito ay nararapat na magkaroon ng pare-parehong bilang ng tao, anuman ang edad o pagkamamamayan.

Packing – Ang pagsasama-sama ng sobra ng isang populasyon ng minorya sa mas mababa sa nararapat na bilang ng mga distrito. Halimbawa, nagaganap ang packing kung ang populasyon ng minorya ay binubuo ng 90% ng isang distrito sa halip na ng dalawang distrito kung saan ang populasyon ng minorya ang bumubuo ng 50% ng bawat distrito.

Muling Pagbabahagi (Reapportionment) – Ang muling pagbibigay ng mga upuan sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S. base sa mga pagbabago sa populasyon ng estado. Ito ay nangyayari upang ang representasyon ng estado sa Kongreso ay proporsyonal sa populasyon nito. Ang muling pagbabahagi ay hindi muling pagdidistrito, bagaman ang ibang mga estado ay palitang ginagamit ang mga terminong ito.

Muling Pagdidistrito (Redistricting) – Ang proseso na ginagamit ng mga pamahalaan upang muling iginuhit ang mga pulitikal na hangganan ng mga distrito at mag-aapply sa lahat ng antas ng pamahalaan kung saan ginaganap ang mga eleksyon ng distrito. Ang mga mapa ay muling iginuhit sa bawat sampung taon pagkatapos ang Senso upang makagawa ng mga distrito na mayroong pantay-pantay na populasyon upang, sa pinakamababa, masalaysay ang pagpapalit ng mga populasyon. Maraming uri ng Proseso ng Muling Pagdidistrito na mayroon.

Kabuuang ng mga Pangyayari (Totality of circumstances) – Isang konsiderasyon ng lahat ng mga pangyayari o kalagayan upang makapagdesisyon sa isang kaso sa halip na alinmang nag-iisang kadahilan o panuntunan.

Unity Map – Isang mapa na iginuhit ng koalisyon ng ilang mga grupo ng komunidad na nagpapakita ang kanilang mga community of interest ay maaaring sabay-sabay na respetuhin.

Voting Age Population (VAP) – Ang kabuuang populasyon na may edad 18 pataas. (Kaugnay ng CVAP)

Voting Rights Act (VRA) – Ang pederal na batas na naipasa noong 1965 upang masiguro na ang mga pamahalaang estado at lokal ay hindi makapagpasa ng mga batas o polisiya na nagbabawal sa mga mamamayang Amerikano ng patas na karapatang bumoto base sa lahi. Ang Seksyon 2 ng VRA ay nagprotektang sa mga botante mula sa diskriminasyon base sa lahi, kulay o pagkamiyembro sa isang group ng minorya ng wika sa lahat ng pamamaraan sa halalan.